

Taon XXXVI Blg. 1 Enero 7, 2005 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Protestang bayan at mga armadong opensiba ng BHB, yayanig sa rehimeng Arroyo sa 2005

ayanigin ng matitinding dagok ng mga protesta at armadong bigwas ang anti-mamamayang rehimeng Arroyo ngayong 2005. Ibayong pagtindi ng mga pakikibakang masa at patuloy na pag-igting ng mga armadong opensiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang sagot ng sambayanang

Pilipino sa walang awat na pagpapahirap sa kanila ng rehimeng Arroyo. walang mabilis na hun nawawasak mula sa bak loob ang re- mal

himeng Arroyo dahil sa pagtindi ng alitan ng magkakaribal na paksyon ng naghaharing uri at mga paksyon sa loob ng sandatahang lakas ng reaksyunaryong estado. Palawak nang palawak ang mga pwersang handang umanib sa isang nagkakaisang prente laban kay Arroyo.

Nagbubunga ito ng lalong paghina at pagkakahiwalay ng papet na rehimeng Arroyo na maaaring humantong sa tuluyan nitong pagbagsak. Ang pagbabagsak sa rehimeng Arroyo ang tanging makatwirang tugon sa apat na taon nang pagpapahi-

rap nito sa malawak na masa ng sambayanan, k laluna sa masang anakpawis.

Ang rehimeng Arroyo na mismo ang nagpapabilis sa proseso ng pagbabagsak nito.

Sunud-sunuran ang papet na rehimen sa mga dikta ng imperyalismong US at kontrolado nitong mga ahensyang internasyunal. Nag-uudyok ng malawakang galit ng masa ang rehimeng Arroyo dahil sa pagdudulot ng walang kaparis na paghihirap sa mamamayan ng mga batas, patakaran at programang pabor sa malalaking negosyong dayuhan at mga lokal na partner nito.

Balak ng rehimeng Arroyo na lalo pang parusahan ang mamamayang Pilipino sa pamamagitan ng pagpapataw ng mga bagong pasaning buwis. Dagdag ito

Mga tampok sa isyung ito... Mabungang taon ng pakikibaka sa Central Luzon

PAHINA 3

Mga rebolusyonaryong tagumpay sa Western Mindanao

PAHINA 7

155,000 patay sa tsunami sa Indian Ocean

PAHINA 9

sa walang awat na pagtaas sa presyo ng mga produktong petrolyo at iba pang pangunahing bilihin at serbisyo. Hindi na makaagapay ang mamamayan sa tindi ng problema sa disempleyo at pagpako sa napakababang antas ng sahod at sweldo ng mga manggagawa at kawani.

Habang naghihikahos ang mamamayan, patuloy namang nagpapakasasa ang mga dayuhang among imperyalista ng rehimeng Arroyo sa hinuhuthot nilang superganansya at mga interes at bayad sa pautang. Ang naghaharing pangkating Arroyo mismo ay nagkakamal ng daan-daang milyong kurakot mula sa kabangbayan at mga proyekto ng reaksyunaryong gubyerno.

Ang anumang pagtutol sa gayong kawalanghiyaan at pambubusabos ay sinasagot ng ibayong pagmamalupit ng estado, gamit bilang sangkalan ang "gera laban sa terorismo." Ang nagdaang taon ay pinapula ng dugo ng ilampung biktima ng masaker at pananalbeyds. Tinatarget ng mga ito ang mga di armadong sibilyan sa kanayunan. Walang humpay ang malulupit na opera-

syong militar, panonortyur, pambobomba, panghahalughog, sapilitang ebakwasyon at iba pang matitinding paglabag sa karapatang-tao.

Plano pang pataasin ang antas ng kontra-mamamayang digma sa pamamagitan ng pag-imbita ng ibayo pang interbensyong militar ng US sa Pilipinas. Ang pampulitika at materyal na suportang natatanggap ng rehimen sa amo nitong imperyalista ay nagpapalakas ng loob nitong magsagawa ng mas masahol pang mga paglapastangan sa karapatangtao.

Pinakahuli lamang sa pinakakarumal-dumal at malupit na krimen ng rehimeng Arrovo ang walang-awang pagmasaker sa mga welgista at kanilang mga tagasuporta sa Hacienda Luisita Inc. (HLI) noong Nobvembre 16, ang pagpaslang sa lider magsasakang Marcelino Beltran nitong Disvembre sa Tarlac at muling pag-atake sa piketlayn sa HLI ngavong Enero kuna dalawang welgista ang binaril.

Duguan ang kamay ni Arroyo sa masaker sa Hacienda Luisita. Si Arroyo at ang kanyang mga islogang "matatag na republika" at "anti-terorismo", sa katuus-tuusan, ang nag-udyok sa mga upisyal at tauhan ng militar at pulis na pagbababarilin ang mga manggagawa at maralitang magsasaka. Determinado si Arroyo na supilin ang pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa.

Bilang tugon, mapangahas na pinalalawak at pinalalakas ang mga kampanya at pakikibakang masa ng mga magsasaka, laluna sa harap ng ibayong panunupil sa kanila tulad ng naganap na masaker sa Hacienda Luisita. Isinisigaw sa buong Pilipinas ang panawagan para sa tunay na reporma sa lupa.

Mapangahas na pinalalawak ang ligal na demokratikong kilusan sa kalunsuran at kabayanan. Nasa unahan nito ang masang manggagawa na nakikibaka para sa daqdaq na sahod, umento sa sweldo ng mga kawani, kabuhayan para sa walang trabaho, pabahay para sa mga maralita, at disente at makataong pamumuhay para sa lahat. Nilalabanan nila ang mga patakaran at hakbanging nagdudulot ng malawakang disempleyo, kaswalisasyon, paglabag sa mga demokratikong karapatan at iba pang anyo ng ibayong pangqiqipit sa mga manggagawa.

Nilalabanan ng malawak na masa ang walang-awat na pagtaas ng presyo ng langis at mga bilihin. Nagpupuyos sila sa galit sa balak na ipataw na mga karagdagang buwis at paglapastangan sa kanilang kagalingang panlipunan. Pinasisigla nila ang kanilang pakikibaka para sa pagtatanggol ng kabuhayan, kagalingan at mga demokratikong karapatan ng mga manqqaqawa, magsasaka, iba pang maralita ng lunsod, mga propesyunal at intelektwal, maliliit na negosyante at iba pang uri at

Nilalaman

### Taon XXXVI Blg. 1 Enero 7, 2005

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa

wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga
artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

**Editoryal** 

Protestang bayan at armadong opensiba ng BHB, yayanig sa rehimeng Arroyo sa 2005 3 Mabungang taon sa CL 4 5 Opensiba ng BHB sa San Ildefonso Pandarahas sa Hacienda Luisita 6 7 Mga tagumpay sa WMR Hungkag na pagkapanalo ni Bush 8 155,000 patay sa tsunami 9 Sariling ceasefire, nilabag ng AFP 10

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Protesta..." sundan sa pahina 3

# Mabungang taon ng rebolusyonaryong pakikibaka sa Central Luzon

taong 2004 rebolusyonaryong pakikibaka sa Central Bunsod nito, pununq-puno kasiqasiqan ang mga rebolusyonaryong pwersa sa rehiyon sa pagpasok sa ika-37 taon ng rebolusyonarvong pakikibaka.

**Armadong pakikibaka.** Ang mga tagumpay sa larangan ng armadong pakikibaka ay nagpapakita sa determinasyong isulong ang rebolusyon "maging sa kalupaang patag, hindi masukal at nasa bukana lamang ng sentro ng reaksyon sa Maynila". Tampok sa mga ito ang serye ng matatagumpay na taktikal na opensiba ng BHB mula Nobyembre 30 hanggang Disyembre 15. Biniqwasan ang mga armadong tropa ng rehimeng Arroyo sa iba't ibang larangang gerilya ng rehiyon. Sa kabuuan, 52 sundalo at pulis ang napatay sa lahat ng taktikal na opensiba sa rehiyon noong 2004.

Nagtagumpay ang mga taktikal na opensiba ng BHB dahil sa aktibong paglahok at suporta ng masa, na naqsisilbing mga mata at tenga ng hukbong bayan, mataas na diwang lumaban ng mga Pulang mandirigma, at pag-unlad sa mga teknika at taktika sa labanan bunga ng tuluy-tuloy na mga pulitikomilitar na pagsasanay.

Wala ni isang sibilyan ang mga opensibang nadamay sa

inilunsad ng BHB sa CL. Hindi rin lumaban (hors Paqtalima syunaryong AFP na nagmasaker sa

hindi armadong mga manggagawa manggagawang bukid Hacienda Luisita na naggigiit lamang nq lehitimo kahilingan at karapatan," anang Komiteng Rehivon ng PKP-Central

Maging sa mga labanang depensibo, nagpakita ng husay at tatag ng loob ang mga Pulang mandirigma. Tinukoy ng PKP-CL ang nangyari sa Peñaranda, Nueva

sinaktan ang mga sundalong sumuko at yaong wala na sa katavuang combat). internasyunal na mga batas ng digma at pagrespeto sa mga karapatang-tao at internasyunal na makataong batas. "Kabaligtaran ito ng kontra-rebolusyonaryo at antimamamayang karahasan ng reak-

#### "Protesta...", mula sa pahina 2

saray na inaagrabyado ng imperyalismo, reaksyon at pasismo.

Nag-iibayo ang poot at kahandaang lumaban ng masang pinagsasamantalahan at inaapi. Pinangingibabawan nila ang takot sa panggigipit at pandarahas sa kanila ng estado. Kailangang anihin at bigyangdireksyon ang gayong malawak at matinding disgusto ng mamamayan at mapangahas na palawakin at palakasin ang kanilang mga pakikibakang antiimperyalista, antipyudal at antipasista.

Itinutuon nila ang pinakamalakas na hambalos sa reaksyunaryong rehimeng US-Arroyo para ihiwalay at pabagsakin ito.

Pinalalawak ng mga rebolusyonaryong pwersa ang ugnay at pakikipag-alyansa sa mga grupo at elemento sa hanay ng mga naghaharing uri at reaksyunaryong sandatahang lakas na handang makipagtulungan para sa kabutihan ng masa ng sambayanan at para wakasan ang rehimeng Arroyo.

Nakahanda ang mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan na mapangahas palawakin at paigtingin ang rebolusyonaryong pakikidigmang gerilya. Pinalalawak at pinalalakas ang hukbong bayan. Sa taong ito, higit pang palalaganapin at padadalasin ang mga taktikal na opensibang kayang ipanalo upang ibayong pahinain ang rehimeng Arroyo at mag-ambag sa pagsisikap ng mamamayan na pabagsakin ito.

Papupulahin natin ang 2005 ng mga bandila ng nagpuprotestang mamamayan at ng apoy ng pinaigting na mga armadong opensiba ng hukbong bayan.

Ecija noong Oktubre 3 at sa Pura, Tarlac noong Oktubre 11. Sa Peñaranda, nakapatay at nakasugat ang BHB ng tinatayang 10 sundalo nang makaengkwentro nila ang 56th IB at 71st IB. Binaligtad ng militar ang pangyayari at ipinangalandakang walong Pulang mandirigma ang kanilang napatay. Sa katunayan, wala ni isa mang napinsala sa BHB.

Samantala, sa Pura, mahiqit isang batalyong sundalo at pulis ang nagtangkang durugin ang isang platun ng BHB sa Sityo Umangan, Barangay Balite. Ngunit pagkatapos ng tatlong oras na labanan sa tubuhan, napatay ang siyam na reaksyunaryong tropa. Sa labanang ito, nagtulungan ang mga yunit sa Tarlac, Pampanga at Nueva Ecija sa pag-ayuda sa napalabang mga kasama. Malaki ang naitulong ng maagap na pagpapaabot ng masa ng impormasyon ukol sa kaaway at sa paq-atras ng mga kasama.

Rebolusyong agraryo at iba pang pagkilos. Sa isang larangang gerilya sa Nueva Ecija, nakinabang ang mahigit 4,000 manggagawang bukid sa pagpapataas ng sahod sa pagtatanim at 1,000 pa sa pagpapataas ng hunusan pabor sa mga manggagapas. Libu-libo ang nakinabang sa pagpapataas ng presyo ng palay at sibuyas sa maraming bayan at sa pagpapababa ng interes sa usura.

Maging ang ligal na pakikibakang agraryo ay sumusulong. Pinakatampok ang militanteng pakikibaka ng mga anakpawis sa Hacienda Luisita. Isinisigaw sa welga na nagsimula noong Nobyembre 6 ang panawagan para sa kasiguruhan sa trabaho, pagpapataas ng sahod at mga benepisyo, gayundin ang pagbabasura sa Stock Distribution Option (SDO) at panawagan para sa tunay na reporma sa lupa. Sinuportahan ito ng libu-libong mga kapamilya at simpatisador. Nasa kaibuturan nito ang matagal nang minimithing karapatan sa lupang patuloy na inaangkin ng mga Cojuangco, anang PKP-CL.

"Masaker ang itinugon ng mga Cojuangco at ng pasistang rehimeng Arroyo sa lehitimong kahilingan at pakikibaka ng masang anakpawis sa asyenda," ayon sa PKP-CL. Labing-apat na welgista at demonstrador and napatay. Lalong pinag-alab ng masaker ang galit ng masang manggagawa, magsasaka at manggagawang-bukid sa Hacienda Luisita. Umani ng malawakang pagkundena ang masaker kapwa mula sa masang anakpawis at ilang seksyon ng naghaharing Nakatutok ang paniningil sa mga Cojuangco at sa rehimeng Arroyo sa kanilang karumal-dumal na krimen.

Kilusang masa sa kalunsuran. Masiglang sumusulong ang pakikibaka ng mamamayan sa rehiyon. Sumulong ang mga lokal na pakikibaka na pana-panahong tinahi ng mga pamprubinsya at panrehiyong pagkilos. Nakasabay ang mga ito sa mga pambansang kilusang masa at mga kilos protesta at sa ilang pagkakataon ay nagpakita ng malaking inisyatiba sa maagang pagharap sa maiinit na isyu. Halimbawa nito ang ilang ulit na paglulunsad ng welga sa transportasyon laban sa patuloy na pagtaas na presyo ng langis.

Inilunsad ang dalawang araw na "Lakbay Riles" ng mamamayang laban sa North Rail Transit Project noong Nobyembre 29 at 30 mula Meycauayan hanggang Malolos sa Bulacan, mula Sto. Tomas hanggang Clark sa Pampanga at mula Tarlac City hanggang Bamban sa Tarlac. Nagsimula ang \$503 milyong proyekto noong Nobyembre

3. Daan-daang libong pamilyang maralita ang mapapalayas mula Caloocan City hanggang Tarlac dahil dito.

Patuloy na nakikibaka ang mga manggagawa para sa matas na sahod at laban sa panunupil sa karapatang mag-unyon at magwelga at laban sa kontraktwalisasyon. Nilalabanan ng militanteng kabataan ang pagtaas ng matrikula at pagpapataw ng iba pang walang katwirang bayarin. Tinututulan din nila ang korporatisasyon ng mga unibersidad at kolehiyo na ibinunsod ng sobrang pagliit ng pondo para sa edukasyon.

Sa ngayon, napipinto ang muling pagbwelo ng kilusang masa ng mga guro dahil sa pagkaantala ng mababa na nga nilang sweldo. Biktima rin sila ng pangungurakot ng mga pulitiko at ng upisyales ng Department of Education.

Nilalabanan naman ng mga maralitang lunsod ang demolisyon ng kanilang mga bahay.

Paglakas ng Partido. Patuloy ang paglaki ng kasapian ng Partido sa rehiyon. Umaabot na ito ng ilang libo at inaasahang higit pang bibilis ang tantos ng paglaki nito dahil sa sigla ng kilusang masa kapwa sa kanayunan at kalunsuran. Pinakamalaking nagambag sa paglaki ng kasapian ng Partido ang mga kasama sa puting purok mula sa pagtatapos ng 2003 at nitong 2004.

Nagpugay ang Partido sa mga rebolusyonaryong martir tulad ni Ka Jojo Talens (Boyet o Von), isang kagawad ng Komiteng Rehiyon na kabilang sa pitong nasawi sa isang labanan sa San Felipe, Zambales noong Marso 9. Gayundin, nagpugay ang PKP-CL sa 14 na martir ng Hacienda Luisita at kay Marcelino Beltran (Ka Marsing), lider magsasaka na pinaslang ng mga militar sa San Isidro, Tarlac City noong Disyembre 8.




Mahusay na plano, bentahe sa tereyn, mahigpit na ugnay sa masa

Ang mga pangyayari sa matagumpay na opensiba ng BHB sa San Ildefonso, Bulacan

Toong Nobyembre 30, naganap ang matagumpay na pananambang ng mga Pulang mandirigma ng BHB sa Barangay Pasong Bangkal, San Ildefonso, Bulacan. Inambus ng 20-kataong yunit ng BHB ang 20-katao ring yunit ng "C" Company ng 56th IB. Napatay sa ambus ang 14 na sundalo at lima ang sugatan. Nasamsam ng BHB ang 18 malalakas na sandata.

Pilit pinalabas ng militar na nagsasagawa ng isang relief operation para sa mga nasalanta ng baqyo ang naturang yunit ng militar. Subalit inamin mismo ng mga nakaligtas na sundalo na sila ay nagsasagawa ng misyong pangkombat. Nasamsam din kay 1Lt. Ben Puyao ang mission order, saklaw, tagal, kumand at mga yunit na sangkot sa kanilang operasyon. Walang dalang anumang relief items and mga sudalong napalaban. Higit sa lahat, malayo ang pinangyarihan ng labanan sa mga lugar na apektado ng baha.

Ayon sa ulat ng mga kasama sa Central Luzon, alas-9:00 ng umaga ng Nobyembre 30 nang ipaabot ng taumbaryo ang balitang may operasyon ang kaaway. Naghahanda pa lamang sila para sa mga gawain sa araw na iyon kung kaya't pinagpasyahan nilang iwasang makaengkwentro ang mga nagooperasyong militar. Kasabay ng pag-iwas na makabangga ang kaaway, tiniyak nilang nasa mataas na pusisyon sila. Pumwesto sila sa hilera ng mga punong mangga sa tabi ng kalsadang malayo na sa kabahayan. Humigit-kumulang 60 metro ang layo ng manggahang



Habang nakaantabay ay tuluytuloy na nakatanggap ng impormasyon ang mga Pulang mandirigma mula sa taumbaryo. Ayon sa pasabilis, sa karanasan ay sa kalsadang iyon dumaraan ang mga sundalo tuwing nag-ooperasyon. Alas-tres ng hapon nang nagmamadaling dumating ang nagbigay ng impormasyon. "Andyan na, mga kasama!" ang ulat nito.

Nagsipaghanda ang mga gerilya. Ilang sandali pa ay nakita na nila ang nakapila at naglalakad na mga kaaway. Nang pasok na sa tambangan ang lahat ng tropa, binasag ng putok ng baril ang katahimikan. Sumunod na rin ang pagpapaputok ng ibang Pulang mandirigma, at ang makapal na ganting-putok ng kaaway. Malinaw ang bilin ng kumand sa mga Pulang mandirigma: huwag magpapaputok nang hindi sigurado ang target.

Ito'y upang walang masayang na bala. Inasinta at tiniyak na bawat putok ay may matatamaan.

Habang nagpapalitan ng putok, napansin ng kumand ng BHB na hindi gumagalaw ang kaaway at nananatili sila sa lugar kung saan una silang pinaputukan. Nangakadapang nagkumpulan ang mga militar sa lungaw pero sa mababang bahagi.

"Plangka kanan!" "Kunin ang kalsada!" Sunud-sunod ang bigay ng kumand ng CO ng yunit ng BHB. Di kalaunan ay nasukol ng mga gerilya ang paralisadong kaaway. Tumagal ng isa't kalahating oras ang labanan.

Sumuko ang limang sugatang sundalo. Tinipon at kinausap sila ng mga kasama. Nilapatan sila ng unang lunas sa abot ng makakaya. Ayon sa mga kasama, nakiusap ang isang sundalo na kunin na lamang ng mga kasama ang kanyang hawak na pera. Wika ng isang sundalo, "Manganganak po ang aking asawa, andun po sa bag ang perang gagamitin sa panganga-

nak." Ngunit pinakuha lamang ng mga kasama ang kanyang bag at laking tuwa niya nang ipahawak ito sa kanya. Nang matiyak ng mga Pulang mandirigma ang kalagayan ng mga sugatan, pinalaya nila ang lahat ng mga bihag.

Sa labanang ito, nag-alay ng buhay si Kasamang Anacleto Butuan Jr. Nasugatan din ang dalawa pang kasama.



Napatunayan ng mga Pulang mandirigma na maipagtatagumpay ang opensiba laban sa nagooperasyong yunit ng kaaway sa pamamagitan ng mahusay na taktika at teknika, paggamit ng bentahe ng tereyn, at higit sa lahat, ng mahigpit na suporta ng masa. Sa kabila ng pagkakapantay lang ng bilang ng mga tropa ng BHB at ng kaaway, may kalamangan ang BHB dahil sa mahigpit na suportang masa.

Napatunayan din na kung taglay ang mga bentaheng nabanggit, kahit mga sundalo ng Philippine Army o kahit mga Scout Ranger na sinasabing dumaan sa espesyal na pagsasanay ay kayang gapiin. Ipinakita rin ng opensiba sa San Ildefonso ang kakayahan ng BHB na madaliang magbalangkas ng mahusay na planong pang-opensiba na tiyak na maipagtatagumpay.

# Patuloy ang pandarahas sa piketlayn ng Hacienda Luisita

**TM7**ala pa ring paglubay ang pandarahas sa piketlayn ng Hacienda Luisita Inc. (HLI). Nito lamang Enero ay naganap ang pinakahuling pag-atake nang barilin nang malapitan ng armadong lalaki ang dalawang welgista, sina George Loveland at Ernesto Ramos, na tumatao sa piketlayn sa West Gate ng asyenda bandang alas-11 ng gabi noong Enero 5. Kasalukuyan pang agawbuhay ang dalawa sa ospital bunga ng malulubhang tama ng bala sa dibdib. Ni hindi man lamang tuminag ang pulu-pulutong na mga pulis na nakapaligid sa piketlayn nang

maganap ang pamamaril.

Bago ito, pinatay
noong Disyembre
8 sa kanyang tahanan sa Tarlac City
ang lider magsasakang si Marcelino (Ka Marcing) Beltran,
susing saksi sa masaker sa Hacienda
Luisita noong
Nobyembre. Si Ka

Marcing ay tagapangulo ng Alyansa ng mga Magbubukid sa Tarlak, pangalawang pangulo ng Alyansa ng mga Magbubukid sa Gitnang Luzon at kinatawan ng partidong Anakpawis sa Tarlac.

Mariing kinundena ni Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng PKP, ang patraydor na pamamaril kina Ka Marcing, Loveland at Ramos. Aniya, ito ay desperadong hakbang ng rehimeng Arroyo, angkang Cojuangco at pasistang AFP at PNP para wasakin ang kapasyahan ng mga manggagawa ng HLI na ipaglaban ang

makatwirang sahod at seguridad sa trabaho at kamtin ang katarungan para sa biktima ng masaker sa Hacienda Luisita.

Mariin din itong kinundena ng PKP sa Central Luzon. Anito, parurusahan ng Bagong Hukbong Bayan sa rehiyon ang mga berdugong yunit ng militar at pulisya na walang awang bumibiktima sa mamamayang mapayapang naggigiit ng kanilang mga karapatan. Noong Disyembre ay nilusob at dinisarmahan ng isang tim ng BHB ang tactical command post ng 69th IB sa Mexico, Pampanga.

Ang 69th IB ang direktang nagsagawa ng pagmamasaker sa mga welgista at demonstrador sa HLI noong Nobyembre 16 at sa

> pagpatay kay Ka Marcing sa sumunod na

buwan.

Nitong Disyembre 26, ipinahayag din ni Jose Agtalon, tagapagsalita ng Josepino Corpuz Command ng BHB-Central Luzon na aarestuhin at lilitisin ng hukumang bayan ang mga may sala sa masaker sa Hacienda Luisita, kabilang sina Gloria Arroyo, ilang myembro ng angkang Cojuangco at si Patricia Sto. Tomas, kalihim ng Department of Labor and Employment na nagisyu ng assumption of jurisdiction order na naging batayan para sa sunud-sunod na marahas na pagatake sa piketlayn sa HLI.

# Mga tagumpay ng rebolusyonaryong mamamayan at kilusan sa Western Mindanao

araming dahilan upang ipagdiwang ng mamamayan at rebolusyonaryong kilusan ng Western Mindanao ang ika-36 na anibersaryo ng Partido. Sa nakaraang taon, mahusay na nagampanan ng rehiyon ang mga rebolusyonaryong tungkulin nito at nakapag-ambag sa pambansang panawagang palakasin at palawakin ang digmang bayan. Nakapaglunsad ito ng mga pakikibakang masa, higit na napalawak at napatatag ang baseng gerilya at napataas ang armadong kakayahan ng BHB sa rehiyon.

Daan-daang pamilya ang nakinabang sa minimum na programa sa reporma sa lupa na pinamunuan ng Partido. Naitaas ang sahod ng mga manggagawang bukid sa mga palayan at niyugan, napawi ang di makatarungang kaltas sa timbang ng kopra, napababa ang usura nang 50% at napababa ang pamasahe sa pagluluwas ng mga produktong agrikultural. Napababa rin ang presyo ng mga pangunahing bilihin sa baryo at napaunlad ang produksyon sa pamamagitan ng tulungan. Naabot ang mga ito sa pamamagitan ng nagkakaisang pagkilos ng mga maralitang magsasaka, manggagawang bukid at mababang panggit-Zamboanga del Norte nang magsasaka na naglunsad ng mga demokratikong konsultasyon, dayalogo at pakikipag-alyansa. Tuluy-tuloy ding nailunsad ang mga kampanya sa edukasyon, literasiya, kultura, kalusugan, produksyon, pagtatanggol sa kara-

tataguyod sa kagalingan ng mamamayan. Higit na lumawak ang organisadong lakas ng mamamayan. Aabot na sa ilampung libo ang mga kasapi ng mga samahang magsasaka, kababaihan, kabataan at iba pang demokratikong sektor. Ang kabuuang baseng masa ay umabot na

patang-tao at iba pang kampanyang nag-

ki pa ito sa susunod na taon.

Sumigla ang suporta at partisipasyon ng mga samahang magsasaka sa armadong pakikibaka. Dahil dito,

sa ilandaang libo at nakikitang lala-

marami sa kanila ang nahikayat na sumapi sa Bagong Hukbong Bayan at sa gayon ay higit na napalakas ang armadong kakayahan nito.

Hindi nagapi ng reaksyunaryong hukbo ang mga pormasyong platun na naitayo na sa mga larangang gerilya. Napasubalian ng karanasan ng BHB rito ang ipinangangalandakan ng AFP na hindi na muling mababawi ng BHB sa Western Mindanao ang baseng masa nito na nabuwag noong dekada 1980 bunga ng malulubhang paglihis. Matagumpay na nakabalik at kumilos ang BHB sa mga estratehikong lugar sa limang prubinsya ng rehiyon. Napangibabawan nito ang matitinding kampanyang saywar ng militar at kanilang mga kasapakat. Kabilang na rito ang panlilinlang ng RPA-ABB na nagkukunwaring rebolusyonaryong grupo.

Noong nakaraang taon, nakasamsam ang BHB sa rehiyon ng 30

malalakas na armas. Aabot sa 41 sundalo and napatay at 21 ang nasugatan sa mga inilunsad ni-

tong ambus, reyd at pagdidisarma at sa mga engkwentro nito sa AFP at CAFGU. Makailang beses nitong matagumpay na naipagtanggol ang sarili sa mga sorpresang atake ng kaaway.

Misamis

Zamboanga

del Sur

Zamboand

Sibugay

Occidental

Hindi na maitatwa ang lawak na naabot ng impluwensya ng rebolusyonaryong kilusan sa Western Mindanao. Noong nakaraang eleksyon, marami-raming pulitiko ang kusang lumapit sa rebolusyonaryong kilusan upang humingi ng pahintulot na makapangampanya sa mga lugar ng rebolusyonaryong qubyerno.

Sa kalunsuran, nagkaroon ng panibagong sigla ang paggampan ng mga rebolusyonaryong gawain. Katulad sa kanayunan, sistematikong nailunsad ang mga anti-imperyalista, antipyudal at antipasistang kampanya. Kabilang dito ang mga pakikibaka laban sa imperyalistang globalisasyon at panghihimasok ng mga tropa ng US sa bansa. Inilunsad rin ang mga kampanya para sa tunay na reporma sa lupa at laban sa National Integrated Protected Areas o NIPAs at iba pang kontra-lumad na mga proyekto. Aktibo ring sinuportahan ng kilusang masa sa kalunsuran ang mga pakikibaka sa kanayunan.

Sa kanayunan at kalunsuran, lumawak at tumatag ang organisasyon ng Partido. Lumaki nang 45% ang kabuuang kasapian ng Partido. Karamihan sa mga bagong kasapi ay nagmumula sa mga organisasyong masa sa mga baryo.

Sa harap ng mga tagumpay na ito, tinukoy ng PKP-Western Mindanao ang mga tungkulin nito para sa susunod na mga taon upang higit pang palakasin ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon.

## Sa buong Mindanao...

Sa kasalukuyan, nakaugat ang Partido sa limang rehiyon ng Mindanao. Sa ilalim nito ang mga komite ng larangang gerilya at ilang interrehiyunal at munisipal na komite. Daan-daang sangay ng Partido ang matatagpuan sa mga baryo, mga komunidad ng maralitang-lunsod, paaralan, pabrika at mga upisina. Umabot na sa ilang libo ang kabuuang bilang ng mga kasapi ng Partido sa isla. Lumaki pa ito nang 33% sa loob ng nakaraang taon.

Mahigpit na pinamunuan ng Partido ang pagsulong ng armadong pakikibaka sa isla. Sa nakaraang taon, nailunsad ng BHB rito ang 60 taktikal na opensiba kung saan nakakumpiska ng 150 malalakas na armas. Saklaw ng BHB ang 20 prubinsya, 200 bayan at 1,500 baryo.

Naitayo na ng BHB ang mga demokratikong gubyernong bayan sa maraming lokalidad. Libu-libong mamamayan ang nakinabang sa matatagumpay na pakikibakang masa para sa minimum na programa ng reporma sa lupa. Sa kanayunan at kalunsuran, pinamunuan ng Partido ang iba't ibang kampanya at pakikibakang masa.


Napanatili rin ng Partido at mga rebolusyonaryong organisasyon sa isla ang mga alyansa nito sa iba pang progresibong organisasyon. Patuloy na tinatamasa nito ang mahusay na pakikitungo ng Moro Islamic Liberation Front. Napalawak nito ang pakikipag-alyansa sa mga progresibong elemento ng simbahan, mga paaralan, mga kawani ng gubyerno at maging sa loob ng reaksyunaryong militar.

#### Halaw sa pahayag ng PKP-Mindanao Commission

# Ang susunod na apat na taon sa ilalim ni George W. Bush

Sa Enero 20, sisimulan ni George W. Bush ang bagong apat na taong termino bilang presidente ng imperyalismong US. Pilit pinalalabas ng kanyang pangkatin na ang pagwawagi niya sa eleksyon noong Nobyembre ay nagpapakita ng su-

porta ng mamamayang
Amerikano sa konserbatismo, militarismo at unilateralismo ng kanyang rehimen.
Itinuturing niya
itong puhunan
at tuntungan
para ipagpatuloy
ang kanyang patakaran ng interbensyon at agresyong
militar sa pangkalahatan at
ng walang katwirang gera sa Iraq




Sa isang banda, mas buo ang loob ngayon ng rehimeng Bush na ituloy ang pananakop sa Iraq at gipitin o salakayin ang iba pang bansang itinuturing nitong banta. Nangunguna sa listahan ng mga bansang ito ang Iran, Syria, Cuba at North Korea.

Determinado rin itong parusahan ang lahat ng mga sumalungat noon sa gera ng US sa Iraq, kabilang ang mga pinuno ng ilang ahensya ng United Nations (UN) na nagpasubali sa lehitimong batayan ng gera sa Iraq. Nagsimula nang magmaniobra ang US para patalsikin sina Kofi Annan, pangkalahatang

"Bush...", sundan sa pahina 9

# 155,000 patay sa tsunami sa Indian Ocean

abot sa 155,000 ang namatay nang hagupitin ng mga tsunami noong Disyembre 26 ang mga baybay ng silangan at kanlurang dulo ng Indian Ocean. Daan-daang libo pa ang sugatan. Aabot naman sa limang milyon ang nawalan ng mga tahanan at nawasak ang mga kabuhayan.



Karamihan sa mga biktima ay mga mangingisda at iba pang maralitang naninirahan sa mga baybaying komunidad.

Ang mga tsunami ay ibinunsod ng lindol sa ilalim ng silangang bahagi ng Indian Ocean. Sumukat ito nang 8.9 sa Richter Scale, pinakamalakas sa nagdaang 40 taon.

Pangunahing binayo ang Aceh, isang prubinsya sa hilagang dulo ng Sumatra, Indonesia. Tinatayang aabot sa 80,000 ang bilang ng namatay sa Aceh, kabilang ang 40,000 o 80% ng populasyon ng bayan ng Meulaboh. Ang Aceh ay mahigit 160 kilometro lamang mula sa sentro ng lindol.

Hinampas din ng matataas

"Bush...", mula sa pahina 8

kalihim ng UN, at Mohamed el Baradei, pinuno ng International Atomic Energy Agency.

Sa kabilang banda, hindi magagawa ng gubyernong Bush ang mga hakbanging ito nang hindi aani ng batikos at pagtutol kapwa mula sa mamamayang Amerikano at sa mga apektadong bansa.

Una, hindi mapiqil-piqil ang bilang paglaki nq mqa Amerikanong sundalong napapatay at nasusugatan sa mga labanan sa Iraq. Bukod sa iba pang isyu kaugnay ng gera, ang dumaraming kaswalting Amerikano ang pinakamabilis na magpapalakas at magpapalaki sa kilusang anti-gera sa US. Hindi rin katanggap-tanggap para sa nakararaming Amerikano ang dambuhalang halagang ibinubuhos ni Bush sa qera habang nagtutulak naman ito ng mga reporma sa social

security at pagbubuwis na magiging pabigat sa mamamayan.

Ikalawa, lalo ring dumarami ang napapatay na mamamayang Iragi at nag-iibayo ang pahirap na hatid sa kanila ng dayuhang pananakop. Wala itong ibang kahahantungan kundi ang ibayo pang paglakas at pag-igting ng armadong paglaban ng mamamayang Iragi at marami pang grupo sa Middle East na sumisimpatya sa kanila. Itutulak din nito ang paglawak at paglakas pa ng internasyunal na nagkakaisang prente laban sa gera sa Irag at sa militaristang patakaran ng US sa pangkalahatan. Ibayo ngayong nahihiwalay ang US sa internasyunal na komunidad.

Ikatlo, lalong ginagalit ng unilateral na mga aksyon ng US ang iba pang imperyalistang kapangyarihang nasasagasaan nito. Ang banggaan sa pagitan ng US at Britain sa isang banda at ng France, Germany, Russia at China sa kabila, na tumampok noong simula ng gera ay malamang na umigting pa sa harap ng pagmamatigas ng rehimeng Bush sa mga aksyon nito.

Sa kahuli-hulihan, mapupwersa ang rehimeng Bush na mamili sa dalawa: (1) ang hinahabol na pakinabang mula sa mga inilulunsad na agresyon at interbensyong militar o (2) ang lahatang-panig na pinsalang ihahatid ng lumalawak na pagtutol sa gera kapwa sa US at sa buong mundo.

Kapag patuloy pa ring magmatigas si Bush sa pagkakataong iyon, walang mapapalang pakinabang ang kanyang rehimen mula sa "puhunang" ipinagyayabang niya ngayon. Bagkus, lalo lamang itong mahihiwalay kapwa sa mamamayang Amerikano at sa mamamayan ng buong daigdig.

na alon ang kanlurang bahagi ng Sumatra, ang pinakamalaking isla sa Indonesia. Sa kabuuan, tinatayang hihigit sa 100,000 ang kabuuang bilang ng namatay sa Indonesia. Aabot naman sa 30,000 ang namatay sa Sri Lanka, 9,500 sa India at 5,000 sa Thailand. May mga namatay din sa Myanmar, Maldives, Somalia at Kenya.

Nagpaabot ng pakikiramay ang Partido Komunista ng Pilipinas.

Lubhang napakarami namatay sa tsunami dahil walang paraan para magbigay-babala sa mga taong naninirahan sa mga Bagamat relatibong baybayin. mura at limampung-taon nang nagagamit ang mga "tsunameter" (mga instrumento na nagbibigaybabala sa namumuong tsunami), wala ni isa sa mga bansang tinanq pinakamatitinding haqupit ang may ganitong mga kagamitan.

Responsibilidad ng mga gubyerno sa mga bansang ito ang napakalaking bilang ng namatay. Kriminal na kapabayaan ng mga gubyernong ito ang kabiguang gumamit ng mga "tsunami early warning device." Patunay ito ng kawalan ng malasakit sa kapakanan ng daan-daang libo nilang mamamayan na naninirahan at nabubuhay sa mga baybay-dagat.

Lalong walang malasakit ang imperyalistang US. Kahit may sus-

### Ano ang tsunami?

Ang tsunami (binibigkas na su-na-mi) ay isang serye ng malalaki at mabibilis na alon na ibinubunsod ng malakas na paggalaw ng lupa sa ilalim ng dagat o malapit sa dagat dulot ng lindol o mga pagsabog ng bulkan. Ang tsunami ay karaniwang nag-aanyong mabilisang pagbaba at pagtaas ng tubig sa mga aplaya. Sa serye ng mabibilis na along ito, maaaring may isa o higit pa sa mga ito ang mag-anyong malaking alon, depende sa layo mula sa pinagmulan nitong paggalaw ng lupa. Depende rin sa lakas ng lindol o pagsabog ng bulkan, ang mga tsunami ay maaaring magtagal nang hanggang ilang oras. Pinakakaraniwan ang mga tsunami sa Pacific Ocean na pinalilibutan ng humigit-kumulang 1,150 bulkan (ang tinatawag na "Pacific Ring of Fire"), kapwa sa lupa at ilalim ng dagat.

petsa na ang mga ahensya ng US na may namumuong tsunami sa Indian Ocean, hindi ito gumawa ng anumang hakbangin upang ipaabot ang impormasyong ito sa mga kinauukulang bansa. Subalit kaagad itong nakapagpaabot ng babala sa base militar nito sa Diego Garcia.

Sa harap ng napakalaking trahedya, inianunsyo ng US na \$18 milyon lamang ang iaambag nitong tulong sa mga bansang nabiktima ng trahedya. Binatikos ito ng internasyunal na komunidad na labis na nagngangalit sa lubhang napakaliit na halagang inilaan ng US para ipantulong sa mga biktima, lalupa't kung ihahambing sa \$1.5 bilyong arawaraw na badyet sa gera at pananakop.

Muli ring ipinakita ng rehi-

meng Arroyo ang lantarang oportunismo at kawalan ng malasakit nito sa mapait na sinapit ng milyun-milyong biktima ng tsunami nang ipangalandakan nito ang pakinabang ng turismo sa bansa dahil sa pagsasara ng maraming tourist destination sa mga apektadong lugar.

Kabaligtaran nito, ang mga komunista at rebolusyonaryong pwersa, laluna sa Sri Lanka, India at Aceh, ay maagap na nagsagawa ng mga operasyon upang ikoordina ang mga tulong at tiyakin na ang mga ito'y makararating sa pinakaliblib na lugar na tinamaan ng mga tsunami. Bilang pagkilala sa kanilang awtoridad, ang mga internasyunal na makataong ahensya ay nakipagkoordina at nakipagtulungan sa kanila.

#### Unilateral na tigil putukan ng GRP, nilabag ng militar

NILABAG ng Armed Forces of the Philippines ang idineklarang unilateral na tigil-putukan ng rehimeng Arroyo. Nagsimula ang kanilang *ceasefire* noong Disyembre 16, 2004 at nagtapos nitong Enero 4.

Ayon sa NDFP-Mindanao, inoperasyon noong Disyembre 16 ng mga Scout Rangers ng Philippine Army ang sityo ng Palompon sa San Isidro, Marihatagm Surigao del Sur. Dahil dito, dalawang tropa ng Scout Rangers ang napatay ng mga isnayper ng BHB.

Sa araw ding iyon, naglunsad ng mga opensiba ang mga tropa ng 23rd, 30th at 58th IB ng Philippine Army sa bayan ng Buenavista, Agusan del Norte.

Sa kabilang banda, mahigpit na tumalima ang lahat ng yunit ng BHB sa idineklarang unilateral na tigil-putukan ng Komite Sentral ng PKP na nagsimula sa Disyembre 23, 2003 at nagtapos nitong hatinggabi ng Enero 2. Taliwas sa ipinangangalandakan ng AFP, walang anumang paglabag ang BHB sa sarili nitong ceasefire.

Taon XXXVI Blg. 1 Enero 7, 2005 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Protestang bayan at mga armadong opensiba ng BHB, yayanig sa rehimeng Arroyo sa 2005

ayanigin ng matitinding dagok ng mga protesta at armadong bigwas ang anti-mamamayang rehimeng Arroyo ngayong 2005. Ibayong pagtindi ng mga pakikibakang masa at patuloy na pag-igting ng mga armadong opensiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang sagot ng sambayanang

Pilipino sa walang awat na pagpapahirap sa kanila ng rehimeng Arroyo. walang mabilis na hun nawawasak mula sa bab loob ang re- mal

himeng Arroyo dahil sa pagtindi ng alitan ng magkakaribal na paksyon ng naghaharing uri at mga paksyon sa loob ng sandatahang lakas ng reaksyunaryong estado. Palawak nang palawak ang mga pwersang handang umanib sa isang nagkakaisang prente laban kay Arroyo.

Nagbubunga ito ng lalong paghina at pagkakahiwalay ng papet na rehimeng Arroyo na maaaring humantong sa tuluyan nitong pagbagsak. Ang pagbabagsak sa rehimeng Arroyo ang tanging makatwirang tugon sa apat na taon nang pagpapahi-

rap nito sa malawak na masa ng sambayanan, k laluna sa masang anakpawis.

Ang rehimeng Arroyo na mismo ang nagpapabilis sa proseso ng pagbabagsak nito.

Sunud-sunuran ang papet na rehimen sa mga dikta ng imperyalismong US at kontrolado nitong mga ahensyang internasyunal. Nag-uudyok ng malawakang galit ng masa ang rehimeng Arroyo dahil sa pagdudulot ng walang kaparis na paghihirap sa mamamayan ng mga batas, patakaran at programang pabor sa malalaking negosyong dayuhan at mga lokal na partner nito.

Balak ng rehimeng Arroyo na lalo pang parusahan ang mamamayang Pilipino sa pamamagitan ng pagpapataw ng mga bagong pasaning buwis. Dagdag

Mga tampok sa isyung ito...

Mabungang taon ng pakikibaka sa Central Luzon

PAHINA 3

Mga rebolusyonaryong tagumpay sa Western Mindanao

PAHINA 7

155,000 patay sa tsunami sa Indian Ocean

PAHINA 9

#### Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **pahina 11**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2. Pag-print sa istensil:
  - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
  - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
  - k) I-click ang Properties
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
  - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa panugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*